Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 6, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | Konsehal |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-08-100

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIPAGDALAMHATI AT PANGUNGULILA NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA PAGYAO NG KALIHIM NG SANGGUNIANG BAYAN, G. SIXTO O. BARRIENTOS**

**"SAPAGKAT,** noong tanghali ng araw ng Huwebes, ika-30 ng Hulyo, 2015, si G. Sixto O. Barrientos, Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang buhay sa edad na 46 taong gulang dahil sa malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si "Bong" o "Sec." na siyang tinatawag sa kanya ng kanyang pamilya, kaibigan, mga kapwa manggagawa ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao at maging ng taong bayan ay kilala sa kanyang katalinuhan sa kanyang galing sa pagsusulat at pagsasalita, mga talentong nagpasikat sa kanya kahit pa noong panahong nag-aaral pa siya, at ito rin ang kanyang naging sandata sa pagkahirang sa kanya bilang Kalihim ng Sanggunian, dalawampu't tatlong taon (23) na ang nakalipas;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang malakas na boses ay nagsilbing hudyat ng kanyang pagdating sa opisina, animoy tanda ng pag-umpisa ng trabaho, subalit, noong mga huling araw ay nagunaw ang sigla at ingay, marahil sanhi ng karamdamang siya lang ang may alam;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya at kaibigan at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati, subalit, ang pangungulilang nadarama ay maibsan ng kaisipang siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Poong Maykapal na siyang lumikha ng lahat; **kung kaya't dahil dito**

CamScanner

**PINAGPAPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikidalamhati at pangungulila ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro sa pagyao ng Kalihim ng Sangguniang Bayan, G. Sixto O. Barrientos;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Ramon G. Magbanua, pinangalawahan ni Konsehal Gideon B. Abuel, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Agosto 6, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 8-6-15

150806/PLPjpc